SULONG!
Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI
www.cardmri.com | Disyembre 2016
ESPESYAL NA EDISYON
BILANG 2

# Stockholders, nakibahagi sa lakbay-aral ng CARD MRI

ni **CYRENE LUBIGAN**

**Mahigit sampung batch ng lakbay-aral para sa mga CARD MRI *stockholders* ang ginanap ngayong 2016 sa pamamagitan ng CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI). Bukod sa pagsali ng mga *stockholder participants* sa mga *tour program* ng CARD MRI na Hijos de San Pablo sa San Pablo, Laguna at Hijos de Visayas sa Samar at Leyte, bumibisita rin ang mga *participants* sa *head office*, mga sangay, at mga *center* ng CARD MRI.**

Ang programang lakbay-aral ng CMDI ay isinasagawa hindi lamang upang suportahan ang turismo ng bansa sa pamamagitan ng mga

▸ 8




*Nakibahagi ang mga stockholder ng CARD MRI sa mga lakbay-aral na isinasagawa ng CARD-MRI Development Institute Inc. Kasama sa lakbay-aral na ito ang pagbisita sa mga branch at center ng CARD MRI sa iba't ibang parte ng Pilipinas.*

**STOCKHOLDERS' SECTION**

**Ang puso ng isang *stockholder*** ▸ 6



## CARD MRI, pinarangalan ang mga insurance coordinator

ni **RECY PAGADUAN**

Naglunsad ng pinakaunang espesyal na pagkilala ang CARD Mutual Benefit Association, Inc. (CARD MBA), ang *microinsurance arm* at isa sa mga institusyon ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), para sa mga natatanging MBA *coordinators* ng 2016 na nag-ambag sa paglago ng asosasyon bilang pagdiriwang na rin ng ika-17 anibersaryo nito noong ika-9 ng Setyembre, 2016.

Naganap ang pagpaparangal sa CARD -MRI Development Institute (CMDI) sa Brgy. Tranca sa Bay, Laguna noong ika-5 ng Setyembre, 2016.

Ang CARD MBA ay nag-aalok ng *micro*

▸ 3

## CARD, napababa ang dropouts mula sa elementarya

ni **RECY PAGADUAN**

Pinalakas ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), isang *social development organization*, ang iba't ibang programang pang-edukasyon upang makatulong na mapabuti ang buhay ng milyon- milyong kliyente nito. Isa sa mga programa nito ay ang Zero Dropout na nakaabot na rin sa ilang daang libong mga anak ng mga kliyente. Isa sa mga benepisyaryo nito ay si Liza Constantino na mula sa Dagupan City, at miyembro ng CARD sa loob ng apat na taon. Sa pamamagitan ng tulong sa edukasyon ng CARD, napag-aral ni Liza ang kaniyang pinakabatang anak na si Aizy, pitong taong gulang. Ayon sa kaniya, ginamit niya ang *educational*

▸ 3

# Mga programang pangkalusugan ng CARD patuloy sa pagtulong sa mga kapus-palad

ni **RECY PAGADUAN**

Nasa 500 *microfinance clients* sa Mulanay, Quezon ang nakatanggap ng libreng serbisyong medikal, dental, at optikal sa ginanap na Community Health Day na pinangunahan ng Microfinance and Health Protection (MaHP) Program Unit ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), isang *social development organization* na naglalayong tapusin ang kahirapan sa Pilipinas.

Sa pamamagitan ng MaHP, nagbigay ang CARD MRI ng mga serbisyong medikal sa pamamagitan ng paglalapit ng mga *medical practitioner* sa mga komunidad kung saan ay nakakuha ng libre o di kaya naman ay mura ngunit de-kalidad na serbisyo ang mga pamilya na kapos sa buhay.

Naging posible rin ang pagbibigay ng abot-kaya at de-kalidad na gamot sa pamamagitan ng BotiCARD, Inc., isang parmasiya at isa sa mga institusyon ng CARD MRI.

Patuloy na ginaganap ang CHD sa buong bansa tatlo hanggang apat na beses sa isang buwan - kasama ang mga dentista, nars, at doktor upang magsilbi sa mga miyembro ng CARD, mga *dependent* nito, at kahit hindi miyembro.

Ayon sa *deputiy director* ng MaHP na si Dr. Roderick Belen, sa pagsugpo ng kahirapan, kinakailangan na sugpuin din ang mga problema sa kalusugan. Kaya naman kanila umanong ibinibigay ang buo nilang makakaya sa kanilang mga regular na programang pangkalusugan. Dagdag pa nito na hindi sapat ang tulong pinansyal upang tulungan ang mga mahihirap na pamilya; kinakailangan na bigyang-pansin din ang kanilang kalusugan upang sila ay makapagtrabaho at mabigyan ang mga ito ng pagkakataon na makaalis sa kahirapan.

Sa ginanap na CHD, ang mga *microfinance client* na mayroong konti o walang kakayahan na magkaroon ng *health care* ay nakakuha ng libreng serbisyong medikal katulad ng *dental care* at *extraction*, libreng gamot, at *check-up*.

Ayon kay Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang CARD MRI *founder* at *managing director,* magiging mahirap para sa mga *microfinance client* na tutukan ang kanilang mga negosyo kung ang kanilang mga pamilya ay palaging mayroong sakit dahil sa kawalan ng pangangalaga sa kalusugan. Dagdag pa niya na makakaapekto ito sa kanilang kabuhayan at magiging sagabal sa pagkamit ng kanilang mga pangangailangan, at maaaring maging dahilan pa ng paggastos ng kanilang mga ipon. Upang maiwasan na mabaon sila sa utang para lamang sa kanilang pagpapagamot, sinisigurado ni Dr. Alip na nakapagbibigay ito sa kanilang mga kliyente hindi lamang ng pinansyal kundi pati na rin ng serbisyong pangkalusugan.

Naniniwala ang CARD na ang mabuting kalusugan ay mahalaga sa pagkamit ng kaunlaran. Ang institusyon ay naghahatid na ng mga programang pangkalusugan sa mga kliyente nito mula pa noong Agosto 2006. Ang mga susunod na serye ng CHD ay nakatakdang isagawa sa Laguna, Quezon, at Marinduque.






## Dropouts mula sa elementarya... ◀ 1

*loan assistance* na ibinigay ng CARD upang mapunan ang mga pangangailangan sa eskwelahan ng kaniyang anak. Si Aizy ay nasa unang baitang pa lamang, pero ang mga gastusin sa eskwela ay hindi madaling kitain.

Si Liza ay *deboner* ng bangus at ang kaniyang asawa naman ay *tricycle driver*. Pinuhunan niya ang kaniyang unang utang sa pagbebenta ng *frozen food*. Umaasa siya na maibibili ang bago niyang *loan* ng isang bagong traysikel upang makapagmaneho ang kaniyang asawa ng sarili niyang traysikel.

Kahit na nasa murang edad pa lamang, alam na ni Aizy ang pinagdadaanan ng kaniyang pamilya. Ayon kay Liza, kapag nakikita siya ng kaniyang anak na pagod galing sa trabaho, sinasabi nito na gagawin niya ang kaniyang makakaya upang mabigyan ang kaniyang pamilya ng magandang buhay. Pangarap ni Aizy na maging isang doktor habang ang isa pa nitong kapatid, na nasa ikalimang baitang, ay nagnanais na maging arkitekto.

Ang dalawang nakatatandang kapatid na lalaki ni Aizy ay hindi nakapagtapos ng sekondarya dahil na rin sa pagiging kapos ng pamilya. Ayon kay Liza kahit na nagtatrabaho rin bilang *deboner* ang mga ito, nais niya na magkaroon ang tatlo pa niyang anak ng pagkakataon na makapagtapos ng pag-aaral.

Positibo siya na ang kaniyang dalawang anak ay makatatapos ng elementarya dahil na rin sa tulong ng CARD.

Ang Zero Dropout Program ng CARD MRI ay isa sa mga programang pang-edukasyon ng CARD MRI na naglalayong makatulong sa mga pamilya na kapos upang mapag-aral ang mga bata at makapagtapos ng elementarya.

Ayon sa Functional Literacy, Education, and Mass Media Survey (FLEMMS) noong 2013, nasa apat na milyong batang Filipino ang hindi nag-aaral, kung saan 3.5% ng populasyon na nasa edad anim hanggang labing-apat ay out-of-school youth. Karamihan sa mga ito ay nanggaling sa mga pamilya na nabubuhay *below poverty line* at walang kakayahang pag-aralin ang kanilang mga anak. Karamihan sa mga *out-of-school youth* sa bansa ay naghahanap na lamang ng trabaho sa murang edad upang makatulong sa kani-kanilang mga pamilya para lamang mabuhay sa araw-araw.

Habang bumababa ang dami ng mga bata na hindi nakakapag-aral, ninanais ng *founder* at *managing director* ng CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip na matutukan ang problemang ito ng bansa. Siya ay naniniwala na ang edukasyon ay isang sandata upang tuluyang mawala ang kahirapan. Dagdag pa niya, ang pagsisigurado na makapagbibigay ang mga kliyente ng edukasyon sa kanilang mga anak sa murang edad ay unang hakbang sa pagtulong sa mga ito na makaalis sa kahirapan. Ayon pa kay Dr. Alip, simula pa lamang ang elementarya, pero palalakasin din ang mga programang pang-edukasyon para sa mga estudyante ng sekondarya at kolehiyo.

Nagbibigay rin ang CARD MRI ng mga serbisyong pinansiyal at mga programa para sa pagpapaunlad ng komunidad na naglalayon na pagandahin at pagbutihin ang kanilang mga kakayahan at gawin silang responsableng mamayan ng bansa.

## Insurance coordinator... ◀ 1

*insurance products* para sa mga miyembo ng CARD at kanilang mga pamilya mula sa *membership* hanggang sa kanilang pagreretiro. Sa pamamagitan ng t*ested approaches*, sinisigurado ng CARD MBA ang pagiging mabisa ng mga transaksyon na kinabibilangan ng CARD MBA *coordinators*. Ang mga ito ang direktang ugnayan ng organisasyon sa mga miyembro habang nagsisilbing daan ng asosasyon sa pamamagitan ng pagpapakalat ng impormasyon at *feedback mechanism.* Sila ay naitalaga sa bawat unit na pinamamahalaan ng CARD.

Ang mga MBA *coordinators* ay *member-borrowers* din ng CARD na nakikipagtulungan sa *center chiefs* at *branch/unit managers* para sa *claim validation* at *reports* na kailangan ng *main office* ng CARD MBA.

Matapos ang ika-17 Annual General Membership Meeting, nagbigay ang CARD MBA ng espesyal na pagkilala at pagpaparangal sa apat na mahuhusay na *coordinators* mula sa Tarlac, Laguna, Davao, at Cebu.

Ang *national awardee* na si Teresita Sasa ay nakatanggap ng sertipiko, isang daang libong piso, at *shoulder bag* mula sa Mga Likha ni Inay (MLNI) - na institusyon din ng CARD. Si Sasa ay miyembro ng CARD sa loob ng pitong taon at isa sa mga pinakabagong nahalal na *board member* ng CARD MBA.


Kaniyang ibinahagi ang pasasalamat sa pagiging bahagi ng CARD. Aniya, binigyan siya nito ng pagkakataon na makatulong sa mga nangangailangan. Dagdag pa niya na bilang MBA *coordinator*, makakapagbigay siya ng inspirasyon sa iba sa pamamagitan ng pagbibigay ng puso sa kaniyang mga ginagawa, at nais niya na mayroon siyang natutulungan.

▶ 8

## EDITORYAL

# Sama-samang Umunlad bilang Stockholder ng CARD MRI

Isa sa mga layunin ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), isang organisasyon tumutulong sa mga kababaihang Pilipino at sa kanilang mga pamilya, ang maibahagi sa mga miyembro nito sa buong bansa ang pribilehiyo na maging *stockholder* nito. Mula nang buksan ang pagkakataong ito sa mga miyembro, taon-taon ay tumataas ang porsyento ng mga miyembrong bahagi ng institusyon. Sa katunayan, sa ikatlong quarter ng taong 2016, umabot na sa kabuuang 106,459 ang mga *stockholders* ng CARD MRI. Ang pinakamalaking bahagdan nito ay mula sa CARD Bank, Inc. na may 63,825 *stockholders* at 65% preferred shares. Sinundan ito ng CARD Inc. na 29,805 miyembro at 23% preferred shares.; CARD SME Bank, Inc. na may 6,640 miyembro at 7% preferred shares.; at Rizal Bank, Inc. na may 6,189 miyembro at 5% preferred shares. Sa pagtatapos ng taong 2016, inaasahan pa na mas dadami ang bilang ng miyembro na *stockholder* din ng institusyon. Ang patuloy na pagtaas ng bilang na ito ay indikasyon ng pag-unlad ng CARD MRI at ng mga miyembro nito. Isa itong malaking hamon sa pamunuan na tugunan ang mga minimithi ng bawat miyembro.




Marahil ay marami sa atin ang nagtatanong kung ano nga ba ang mga benepisyong natatanggap bilang *stockholder* na sa mga *banking institutions* ng CARD MRI. Ayon sa mga miyembro na naging *stockholder* na, nakatatanggap sila ng dibindendo taon-taon mula sa kanilang kontribusyon. Dagdag na kita rin ito para sa kanila. Bukod dito, ang mga *stockholders* na nabibigyan ng oportunidad na maging bahagi ng Board of Directors ay nabibigyan ng pagkakataon na makilahok sa pagbuo ng mga polisya at nagkakaroon din ng boses na ipahayag ang kanilang mga saloobin tungkol sa pamamalakad sa institusyon. Nakatutulong sila sa pagbuo ng mga programa na tutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro. Sila ang nagsisilbing kinatawan ng kabuuan ng mga miyembro ng institusyon sa buong bansa. Nagkakaroon din ng pagkakataon ang mga *stockholders* na maging bahagi ng mga isinasagawang lakbay-aral kung saan nakikilala nila ang pamunuan ng CARD MRI gayundin ang iba pang mga miyembro mula sa iba't ibang kapuluan ng Pilipinas.

Ang mga nabanggit ay ilan lamang sa mga nakahaing benepisyo para sa mga miyembro. Ayon sa kanila, ang higit nilang binibigyang-halaga na benepisyo ay ang pagbibigay sa kanila ng institusyon ng tiwala at kumpiyansa sa sarili na maging bahagi ng CARD MRI. Tulad nga ng madalas nating naririnig, ang pagiging *stockholder* sa mga institusyon ng CARD MRI ay may kaakibat din na responsibilad. Bilang mga miyembro, kinakailangan nating maging aktibo sa programa at tulungan ang pamunuan at ang kapwa miyembro nang sa gayon ay mas mapaunlad pa natin ang mga produkto at serbisyong ibinibigay sa atin ng institusyon at matamo ang minimithing kaginhawaan sa buhay.

SULONG!
Editorial Board

**Dr. Edmund Centeno**
*Editor-in-Chief*

**Dr. Jaime Aristotle Alip**
**Marilyn Manila**
*Editorial Advisers*

**Cleofe Figuracion**
*Managing Editor*

**Cyrene Grace Lubigan**
*Associate Editor*

**Raffy Antes**
**Jeffrey Tandingan**
**Araceli Reas**
*Writers*

**Recy Pagaduan**
*Contributors*

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo.

Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa cardmri.corpcomm@gmail.com o corpcomm@cardbankph.com.

**CARD MRI Head Office**
20 M.L. Quezon St., City Subdivision,
San Pablo City, Laguna

**CARD Mutually Reinforcing Institutions**
Official Facebook page

# MENSAHE MULA SA TAGAPAGTATAG AT TAGAPAMAHALA NG CARD MRI



**MALIGAYANG IKA-30 ANIVERSARYO SA BAWAT KASAPI AT KAWANI NG CARD MRI!**

Sa nakalipas na tatlong dekada, nais kong ipabatid sa inyo na hindi mararating ng CARD kung nasaan ito ngayon kung wala ang ating mga kawani at kasapi na siyang nagsilbing pundasyon ng tagumpay ng CARD MRI.

Nagsimula ang CARD noong 1986 bilang isang *non-government organization* o NGO na naglalayong mapaunlad ang mga pamumuhay ng bawat kababaihan sa bansa. Mula sa isang pangarap na makabuo ng isang bangko na pag-aari at pinamamahalaan ng mga walang lupain na kababaihan hanggang sa paglaki nito bilang isang natatanging *social development organization*, ang aming misyong mapaglingkuran ang bawat pamilyang Pilipino ay nanatiling matatag sa aming mga puso.

Sariwa pa sa aking alaala ang mga unang pagsusumikap upang maitatag ang CARD MRI. Dahil sa kakulangan sa pondo ay sinubukan naming gumawa ng *proposal* na ipinasa sa iba't ibang organisasyon. Dala lamang ang iisang *suit*, naglakas loob akong magpunta sa Japan, kung saan naman nakahanap ako ng organisasyong naniwala sa aming determinasyong makatulong sa mahihirap.

Ang mga taong unang naniwala sa CARD ang siyang dahilan kung bakit pinagsusumikapan naming makamit ang ZERO POVERTY hanggang sa kasalukuyan. Umabot man ng daan-daan o libo-libong taon, hindi kami titigil hangga't ang bawat pamilyang Pilipino ay makamit ang kaunlaran.

Katulad ng aming pagsisimula, kami ay umaasa na sa inyong patuloy na suporta, patuloy nating patatatagin ang bukas ng bawat Pilipino.

**DR. JAIME ARISTOTLE B. ALIP**
*CARD MRI Founder and Managing Director*

# REPLEKSYON

ni **CYRENE LUBIGAN**




Natatandaan niyo pa ba ang nausong *commercial* sa telebisyon noon tungkol sa Samahan ng Malalamig ang Pasko o SMP? Kadalasan, tampulan ng tukso ang mga taong *single* tuwing dumarating ang kapaskuhan. Tila nga naman mas lalo pang pinapalamig ng pag-iisa ang panahong ubod na ng ginaw.

Bukod sa mga *single*, malamig din ang Pasko para sa mga taong malalayo sa kanilang minamahal sa buhay katulad ng mga nasa ibang bansa at ng mga kawani na kailangan talagang mag-*duty* kahit *holiday*. Sa mga panahong ito, minsan hindi talaga maiiwasan ang pag-e*emote* habang nakikinig sa kantang "Pasko na Sinta Ko."

Bakit kaya ang isang selebrasyong ginawa upang maging ubod ng saya ay napapalitan ng kalungkutan? Bakit sa halip na init ng pagmamahal na dinudulot ng okasyong ito ay panlalamig ang nararamdaman?

Siguro, napapanahon

▶ 7

# STOCKHOLDERS' SECTION

## Ang puso ng isang stockholder

ni **JEFF TANDINGAN**

Hindi ang salapi kundi ang pagnanais na makatulong sa iba.

Hindi man tayong lahat ang may ganitong pananaw sa buhay, may iilan pa rin sa atin ang handang magbigay ng tunay na serbisyo upang makatulong sa ating kababayan. Isa sa mga naniniwala sa prinsipyong ito ay si Nancy Santiago ng Calasiao, Pangasinan.

Isang simpleng ina na nagsumikap upang mabigyan ng magandang kinabukasan ang kaniyang mga anak at isang byuda na patuloy na nangungulila sa paglisan ng kaniyang asawa, ito ang kwento ni Nancy. Hindi man kwento ng may malupit na karanasan, siya naman ay patuloy na bumubuo ng positibong kwento sa buhay ng kaniyang mga kasamahan.

Si Nancy, 55 taong gulang, ay miyembro ng CARD. Sa pitong taong pagiging kasapi ng CARD, isa na siya sa daang libong nagmamay-ari ng isa sa mga bangko ng CARD MRI. Sa pagiging parte ng isang samahang binubuo ng pawang kababaihan, nagkaroon siya ng puso na makatulong sa iba. Niyakap niya ang pagiging isang *center official*, MBA *coordinator*, MI *agent*, at ngayon bilang bagong halal na miyembro ng Board of Trustees ng CARD MBA.

Bilang isang *stockholder* ng CARD Bank, nakararamdam siya ng higit



Si Nancy Santiago ay isang CARD Bank stockholder mula sa Calasiao, Pangasinan.

na importansiya na ibinibigay ng institusyon. Higit na maraming oportunidad at karagdagang benepisyo ang pagiging *stockholder*. Ang *stockholders* ng nasabing bangko ay pawang mga kasapi ng CARD MRI at mga ordinaryong mamamayan. Nais ng CARD MRI na sila ang magmay-ari at mamahala ng institusyon.

Hindi naman isang biro ang responsibilidad ng isang *center official*. Ginamit ni Nancy ang kaniyang posisyon upang magkaroon ng boses at mapayuhan ang mga kapwa niya miyembro. Nakararamdam siya ng tuwa sa tuwing nabubuksan niya ang kaisipan ng mga kasamahan upang ipagpatuloy ang pagiging kasapi ng CARD. Ang pagbibigay ng mga katungkulan ay isa sa mga pamamaraan ng CARD upang mapataas ang kakayahan ng mga miyembro nito sa pamumuno.

"Minsan, tinatanong nila ako kung paano ako tumatagal sa aking ginagawa bilang MBA *coordinator* dahil sa maliit na kita rito. Ang nagiging sagot ko ay 'masaya ako na nakakatulong ako sa kapwa

▶ 7




*Ang* **History of San Pablo: Reviewed, Rewritten and Retold** *ay maaaring mabili sa Mga Likha ni Inay Outlets. Maaari ding tumawag sa (049) 562-4309 o mag-email sa cardmri.corpcomm@gmail.com.*

## SMP...

◂ 5

na para lumipat tayo mula sa Samahan ng Malalamig ang Pasko patungo sa Samahan ng May Paniniwala kay Kristo. Kung babalikan natin ang tunay na rason kung bakit may Pasko, paniguradong lahat ng hinagpis ng ating puso ay mapapalitan ng kakaibang saya at ligaya.

Ang Pasko ay ipinagdiriwang natin dahil isinilang ang Mesiah na nagligtas sa atin mula sa kasalanan. Dahil sa pagkapako ni Hesus sa Krus ng Kalbaryo, magkakaroon na tayo ng pagkakataong magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan kasama ang ating Manlilikha. Ang Kaligtasang ito na ibinigay sa atin ng Panginoon ay ang pinakamagandang regalo na ating natanggap sa ating buhay. Hindi ba't wala nang mas sasaya pa sa pag-asang ito para sa atin?

Nasaan man tayo ngayon, ano man ang kalagayan natin o pinagdaanan sa buhay, tayo ay magalak dahil may Kristo sa ating puso na siyang tunay na dahilan ng Kapaskuhan.






### *An akon Nanay*

*Hirayo pala, maaram na ako kun hin-o*
*It kalakat pala, ak' na kilalado*
*Hin-o man it mayakan nga diri hiya*
*Kun kahusay ko, tikang ha iya*

*Ha oras han akon kasakitan*
*Hiya gud la an ak ginsasapitan*
*Kay maaram ako, deri ako niya bayaan*
*Sanglit, hiya ak permi gintatawagan*

*Ha oras naman hin kaupayan*
*Hiya man gihap it ak gindada-upan*
*Kay it iya paghigugma waray katapusan*
*Di nahuhundgdan ha katubtuban*

*Ha baynte-tres anyos nam' nga pag-upod*
*Tak mga desisyon, usa hiya na may katungod*
*Higugmaon ko hiya, di makakalimtan*
*Kay hiya man gud an naghatag han kalibutan*

*Oh! Nanay ko nga minayoyo*
*Salamat san mga buhat nimoKay kun deri tungod ha imo 'Nay Deri man gihap ako magin Nanay.*

### Ang aking Ina

Malayo pa lang, alam ko na kung sino
Paglalakad palang, kilalang-kilala ko na
Sino nga ba ang makapagsasabi na hindi siya
Kung ang kagandahan ko'y nagmula sa kaniya

Sa oras ng aking mga kasakitan
Siya lang ang aking sinasandalan
Alam ko, hindi niya ako pababayaan
Kaya, siya ang palaging tinatawagan

Sa oras naman ng kasiyahan
Siya rin ang aking pinupuntahan
Ang kaniyang pagmamahal, walang katapusan
Hindi ito mawawala magpakailanman

Sa dalawampu't tatlong taong pagsasama
Mga desisyon ko'y siya ang may pakialam
Mamahalin kita't di makakalimutan
Sapagkat ikaw ang nagbigay buhay sa akin dito sa sanlibutan

Oh! Nanay na mahal ko
Salamat sa mga ginawa mo
Kung hindi dahil sa iyo 'Nay
Hindi rin ako magiging tulad mo.

*ni Araceli Reas*

## Puso...

◂ 6

ko miyembro.'"

Sa pagiging MI *agent* naman ay nakatulong si Nancy upang itaas ang antas ng kamalayan ng mga indibiduwal tungkol sa seguro. "Marami sa kanila ang hindi pa nauunawaan ang kahalagahan ng pagkakaroon ng seguro. Sa pagiging MI *agent* ko, nabubuksan ko ang kanilang kaisipan upang sila ay magpaseguro."

Dahil sa kaniyang dedikasyon at pagsusumikap ay napabilang si Nancy sa bagong pangkat ng mga miyembro ng Board of Trustees ng CARD MBA, ipinapangako niya na pakikinggan ang boses ng kaniyang nasasakupan upang mas mapabuti ang produkto at serbisyong maibibigay ng CARD MBA.

Sa kaniyang maraming naging karanasan sa CARD, tinulungan siya nitong mas mapabuti pa ang kaniyang kakayahan bilang isang indibidwal at lumawak pa ang kaniyang pagkakataon upang makatulong sa iba pang tao.





## Lakbay-aral... ◂ 1

CARD MRI *tour programs* kundi upang makilala rin ang mahahalagang ambag ng *stockholders* sa CARD MRI. Sa pamamagitan ng programang ito, ang *stockholders* ay nabibigyan ng *orientation* sa mga programa ng CARD MRI at nabibigyan na rin ng *update* sa mga bagong panukala ng institusyon. Nagiging daan rin ang lakbay-aral upang magkakilala ang mga miyembro at makapagbahagi ng kanilang karanasan sa pagnenegosyo. Isa rin sa mga *highlight* ng lakbay-aral ay ang pagbisita ng mga *participants* sa Bangko Sentral ng Pilipinas.

"Ipagpapatuloy ng CMDI ang programang ito para sa *stockholders* at iba pang miyembro ng CARD MRI. Masaya kami na sa simpleng programang ito, napapasiya namin ang mga minamahal naming *stockholders* at mayroon pa silang naiuuwing mga bagong kaalaman sa kanilang pamilya at mga kapwa miyembro," saad ni Dr. Edzel Ramos, ang institute director ng CMDI.













## Insurance coordinator... ◂ 3

Tumutugon ang CARD MBA sa mga partikular na pangangailangan ng mga *client-member* para sa *insurance* kung sakali man na mayroong mamatay upang masakop ang mga magagastos sa pagpapalibing, mabayaran ang mga naiwang utang ng isang *member-borrower* sakali man na pumanaw ito, at upang makapagbigay ng provident fund o retirement savings para sa mga matatanda sa pamamagitan ng MBA *coordinators.*






*Ginawaran ng parangal ang mga natatanging MBA coordinators sa taong 2016 (kaliwa), Nagbigay ng mensahe sa araw ng parangal ang CARD MRI founder and managing director na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip (kanan).*